

Aralin 2

ANO ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA DIOS?

Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

- ✧ Bakit Dapat Mong Malaman Ang Katotohanan Tungkol Sa Dios?
- ✧ Paano Mo Malalaman Ang Katotohanan Tungkol Sa Dios?
- ✧ Ano Ang Katulad Ng Dios?
- ✧ Sa Paanong Paraan Nais ng Dios Na Siya'y Sambahin Mo?

Unang Bahagi

BAKIT DAPAT MONG MALAMAN ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA DIOS?

Kailangang malaman mo ang katotohanan tungkol sa Dios:

Dahil sa Kanyang Pagka-Dios

Ang Dios ay ang Dakilang Manlilikha, ang Tagapamahala, at ang Hukom ng sandaigdig. Bilang Manlilikha, sa Kanya ang lahat ng bagay na ginawa Niya. Bilang Tagapamahala, may mga batas Siya para sa kabutihan ng lahat ng Kanyang nilikha at sa Kanyang daigdig. Bilang Hukom, gagantimpalaan Niya o parurusahan ang bawa't tao ayon sa pagsunod o pagsuway ng taong iyon. Yamang ang Dios ay iyong Manlilikha, Tagapamahala, at Hukom, kailangan mong malaman ang katotohanan tungkol sa Kanya at kung ano naman ang inaasahan Niya sa iyo.

Ang Dios ay isa ring mapagmahal na Ama; tunay na kagalakan ang iniaalok Niya sa iyo. Kailangang makilala mo Siya upang tamasahin mo ang Kanyang pag-ibig at mga pagpapala.



Sapagka't Ito'y Buhay o Kamatayan Mo

Dios ang Tagapagbigay ng buhay. Inaalok ka Niya ng higit na mabuti, higit na masaganang buhay ngayon at walang katapusan at ganap na buhay pagkatapos ng kamatayan.

Isaulo Mo Ito

Juan 17:3 "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at Siyang Iyong Sinugo, samakatuwid baga'y si Jesu-Cristo."



Upang Mabigyang-lugod ang Dios Dapat Kong Makilala Siya

Ang mga anak ng Dios ay nagmamahal sa Dios at nagnanais na magbigay-lugod sa Kanya. Kung tinanggap mo na si Jesus bilang iyong Tagapagligtas, ikaw ngayon ay anak ng Dios. Nanaisin mong makilalang lalong higit sa bawa't araw ang iyong Amang Sumasalangit. Hahanapin mo ang mga bagay na ibig Niya upang madulutan mo Siya ng lugod sa lahat ng iyong gagawin. Ito ang tanging paraan upang makasumpong ng tunay na kasiyahan sa buhay pagka't ikaw ay nilikha upang gawin ang mga bagay na nakalulugod sa Dios.

Gawin Mo Ito

Punan ang mga puwang.

Mahalagang malaman ko ang katotohanan tungkol sa Dios:

✘ Dahil sa Kanyang _____

✘ Sapagka't ito'y _____ o _____ para sa akin.

✘ Upang _____ ang Dios dapat kong _____ Siya.

✘ Juan 17:3 "At ito ang _____ : na ikaw ay makilala nila na _____ at Siyang Iyong Sinugo samakatuwid baga'y si _____."

Ikawalang Bahagi

PAANO MO MALALAMAN ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA DIOS

Tingnan Mo ang Kanyang mga Gawa

Malalaman mo ang ilang bagay tungkol sa isang tao kung titingnan mo ang kanyang gawa. Kung titingnan mo ang sanlibutang nilikha ng Dios, malalaman mong Siya ay lubhang matalino at makapangyarihan.

Roma 1:20 "Ang mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanlibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa Niya, maging ang walang hanggan Niyang kapangyarihan at pagka-Dios."



Mula sa Iba

Matutuklasan mo ang katotohanan tungkol sa isang tao mula sa mga tuwirang nakakakilala sa kanya. Sa Biblia'y mababasa natin ang mga ulat tungkol sa maraming tao na tuwirang nakakilala sa Dios. Nakipag-usap Siya sa kanila, nilutas Niya ang kanilang suliranin, at ipinagkaloob Niya ang kanilang kailangan. Pinagaling Niya ang kanilang sakit at pinalakas sila't pinaligaya. Hindi nagbabago ang Dios. Sa baw't lupalop ngayon ay makikita mo ang libu-libong nakakakilala at umiibig sa Dios. Sasabihin nila sa iyo na talagang kahanga-hanga ang Panginoon.

1 Juan 1:3 "Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo, upang kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin: oo, at tayo ay may pakikisama sa Ama, at sa Kanyang Anak na si Jesu-Cristo."



Mula sa Sinasabi Niya

Makikilala mo ang isang tao sa pamamagitan ng kanyang mga sinulat at sa pakikinig sa kanya. Nangungusap sa iyo ang Dios sa Biblia. Doon mo matutuklasan ang Kanyang katauhan, mga layunin, damdamin, at ang Kanyang pag-ibig sa iyo.



Juan 5:39 "Saliksikin ninyo ang mga kasulatanang mga ito'y nangagpatotoo sa Akin."



Sa Pansariling Karanasan

Makilala mong mabuti ang isang tao kung mamumuhay kang kasama niya, makikipag-usap at gagawang kasama niya. Nais ng Dios na makilala natin Siya sa ganitong paraan, kaya't sinugo Niya ang Kanyang Anak na si Jesu-Cristo upang makipamuhay sa gitna ng mga tao. Katulad ng Kanyang Ama si Jesus, kaya't makikita mo sa Kanya ang kalikasan ng Dios. Makikilala mo ang Dios sa pamamagitan ni Cristo.



Hebreo 1:1-3 "Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak... Siyang sinag ng Kanyang kaluwalhatian at tunay na larawan ng Kanyang pagka-Dios."



Kapag tinanggap mo si Jesu-Cristo na iyong sariling Tagapagligtas, ihahayag Niya sa iyo ang Dios. Sa pakikipag-usap mo sa Kanya sa pananalangin at pagbabasa mo ng Kanyang Salita, mararanasan mo ang Kanyang pakikisama at makikilala mo Siya sa paraang hindi mo sukat-akalaing mangyayari.



Juan 14:21, 23 "Ang umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama; at siya'y iibigin Ko, at Ako'y magpapakahayag sa kanya... Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, kanyang tutuparin ang Aking Salita... Kami'y pasasa kanya, at siya'y gagawin Naming aming tahanan."



Gawin Mo Ito

Nakatala sa ibaba ang limang mabubuting paraan upang makilala mo ang Dios ngunit may isang paraan na hindi makatutulong sa pagkilala sa Kanya. Guhitan ang paraang HINDI makatutulong sa iyo.

- ✂ Pagmamasid sa Kanyang kalikasan
- ✂ Pakikinig sa sinasabi ng mga taong nakakakilala sa Dios
- ✂ Pagbabasa ng Banal na Kasulatan
- ✂ Pakikinig sa sinasabi ng mga taong hindi nakakakilala sa Dios.
- ✂ Sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo
- ✂ Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa panalangin

Ikatlong Bahagi

ANO ANG KATULAD NG DIOS?

Ang Dios ay Walang Hanggang Espiritu

Hindi nahahanggahan ng panahon, kalawakan, at batas ng kalikasan ang Dios, di gaya nating mga tao. Walang simula ang Dios at mananatili Siya magpakailanman. Alam Niya ang lahat ng bagay at magagawa Niya ang anumang bagay.

Ang Dios ay Tatlong Persona Gayunma'y Iisa

May mga taong nag-aakalang ang Dios ay isang uri ng kapangyarihang sumusupil sa sandaigdigan, o kaya'y isang impluwensiyang umaakay sa tao sa kabutihan. Alam nating Siya'y Katauhan pagka't umiisip, nakadarama, at kumikilos ang Dios.

Sa katunayan, itinuturo ng Banal na Kasulatan na ang Dios ay Tatlong Persona gayunma'y Iisa, o yaong tinatawag na Dios na Trinidad. Ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo, ay magkakatulad ng kalikasan, kapangyarihan, at layunin. Gumagawa Silang magkakasama bilang Isa – Isang Dios.



Mateo 28:19 "Sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo."



Ang Dios ay Pag-ibig

Ang Dios ay pag-ibig – pag-ibig ang Kanyang likas. Iniibig Niya ang lahat. Mahal ka Niya at nais Niyang ibigay sa iyo ang pinakamabuti sa buhay. At nais Niyang mamuhay kang kapiling Niya sa kahanga-hangang tahanan sa kalangitan.



1 Juan 4:8 "Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Dios; sapagka't ang Dios ay pag-ibig."



Ang Dios ay Sakdal Ganap

Ang Dios ay lubos na mabuti, malinis, matapat, at matuwid sa lahat ng Kanyang ginagawa. Siya'y mapagbigay at magandang-loob.



Mateo 5:48 "Ang inyong Ama sa kalangitan ay sakdal."

Ang Dios ay Makatarungan

Gumawa ng mga tiyak na tuntunin ang Dios para sa kabutihan ng lahat ng tao. Siya'y makatarungang Hukom. Ang ibig sabihin nito'y lagi Niyang ginagawa yaong matuwid. Ginagantimpalaan Niya ang sumusunod sa Kanya at pinarurusahan ang lumalabag sa Kanyang tuntunin. Nais Niyang iligtas tayo mula sa kasalanan, nguni't kung hindi natin Siya pauunlakan, ang tanging maibibigay Niya sa atin ay ang parusang nararapat sa atin.



Eclesiastes 12:14 "Sapagka't dadalhin ng Dios ang bawa't gawa sa kahatulan, pati ng bawa't kubling bagay, maging ito'y mabuti o maging ito'y masama."



Genesis 18:25 "Di ba gagawa ng matuwid ang Hukom ng buong lupa?"

Nalalaman ng Dios ang Lahat ng Bagay

Alam ng Dios ang nakaraan, kasalukuyan, at ang hinaharap. Nakikita, naririnig, at nauunawaan Niya ang lahat ng nangyayari. Alam Niya ang iniisip mo at

kung bakit ginagawa mo ang isang bagay. Alam ng Dios ang pinakamabuti para sa iyo at nais ka Niyang tulungan sa paggawa ng matuwid na pasiya.



Genesis 16:13 "Ikaw ay Dios na nakakakita."



1 Juan 3:20 "Nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay."



Magagawa ng Dios ang Anumang Bagay

Itinatag ng Lumikha ang mga tiyak na panuntunan sa Kanyang sanlibutan at ito'y tinatawag nating mga batas ng kalikasan. Kumikilos ang lahat ng bagay ayon sa mga panuntunan o batas na ito. Ang Dios ay hindi nasasakop ng mga batas ng kalikasang ito. Gumagawa Siya ng mga bagay na lampas sa batas ng kalikasan, at tinatawag natin itong mga himala, mga bagay na lampas sa kapangyarihan ng tao o ng kalikasan man.

Maraming himalang ginawa si Jesus nang Siya'y narito sa lupa. Nagpagaling Siya ng maysakit, bumuhay ng patay, at bumago ng maraming buhay. Siya pa rin ang Dakilang Manggagamot at nagagalak Siyang magpagaling ng ating katawan at kaluluwa.



Mateo 19:26 "Sa Dios ang lahat ng mga bagay ay mangyayari."



Exodo 15:26 "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo."



Gawin Mo Ito

Ang ISA sa sumusunod na mga pangungusap ay HINDI totoo. Guhitan ang isang iyon.

- ✘ Mahal ka ng Dios at nais Niyang tumulong sa iyo.
- ✘ Ang Dios ay makatarungang Hukom na nagpaparusa sa kasalanan.
- ✘ Ang Dios ay isang uri lamang ng impluwensiya.
- ✘ Nakikita at nalalaman ng Dios ang lahat ng bagay, saanman.

Gawin Mo Ito

✿ **ISIPIN MO:** Nakadarama ka ba ng kaginhawaan o naliligalig ka sa pagkaalam na nagmamasid sa iyo ang Dios? Bakit?


Ikaapat na Bahagi


Sa Papaanong Paraan Nais ng Dios na Siya'y Sambahin Mo?

Sa pagsamba'y ipinakikita natin sa Dios na atin Siyang iniibig, iginagalang at dinadakila. Nagpapasalamat tayo sa Kanya dahil sa ginawa Niya para sa atin at nakikipag-usap tayo sa Kanya. Sa iba't ibang iglesya ay makikita mo ang iba't ibang paraan ng pagsamba ng tao sa Dios. Sa papaanong paraan Niya nais na sambahin mo Siya? Anong pagsamba ang makalulugod sa Kanya?

Maging Matapat at Taimtim


Kung ano ang ibig mong ipakahulugan, iyon ang sabihin mo. Dapat kang manampalataya sa Dios at maging handa sa pagsunod sa Kanya.

 Juan 4:24 "Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa Kanya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at katotohanan."

 Hebreo 11:6 "Ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios, at Siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa Kanya'y nagsisihanap."

Sambahin ang Dios Lamang

Ang Lumikha sa iyo ang tanging Dios na totoo. Hindi Niya nais na manalangin ka sa ibang dios, tao, espiritu, larawan, o bagay.

 Exodo 20:3 "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko."





Gawa 14:15; 17:29 “Kami’y... nangagdadala ng mabuting balita sa inyo, upang mula sa mga bagay na itong walang kabuluhan ay magsibalik kayo sa Dios na buhay. Hindi marapat nating isipin na ang pagka-Dios ay katulad ng ginto, o ng pilak, o ng bato, na inukit ng kabihasan at katalinuhan ng tao.”

Pasalamatang Panginoon dahil sa Kanyang mga Pagpapala

Sa awit at dalangin, at maging sa pananahimik ng iyong puso, pasalamatang mo ang Dios dahil sa Kanyang pag-ibig at kabutihan at sa lahat ng pagpapalang ibinibigay Niya sa iyo.



Awit 81:1 “Magsiawit kayo nang malakas sa Dios na ating kalakasan.”

Awit 150:6 “Purihin ng bawa’t bagay na may hininga ang Panginoon. Purihin ninyo ang Panginoon.”



Buong Kapakumbabaang Sumamba Nguni’t may Pananampalataya

Kilalaning hindi ka karapat-dapat na lumapit sa harapan ng isang banal na Dios. Nguni’t nang tanggapin mo si Jesus bilang iyong Tagapagligtas, pinatawad ka ng Dios at tinanggap ka bilang Kanyang anak. Kaya, makipag-usap ka sa Kanya tulad sa isang Ama tungkol sa anumang bagay na nasa puso mo.

Gawin Mo Ito

- ✘ ISIPIN MO: Sinasamba ko ba ang Dios sa apat na paraang iminumungkahi sa araling ito? Binabalak ko bang sundin iyon?
- ✘ Manalangin sa Dios ngayon sa sarili mong pananalita, at hingin sa Kanya na magpakahayag sa iyo. Sambahin mo Siya